HALAW SA KATITIKAN NG IKA – 38 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG MAYO 02, 2023 SA BULWAGANG PULUNGANG BAYAN, SANGGUNIAN NG BAYAN, CAVINTI LAGUNA

MGA DUMALO: Kgg. MILBERT L. OLIVEROS, Pangalawang Punumbayan; Nangungulong Pinuno

Kgg. Charles Clifford F. Matta; SB Member;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member,
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, ABC President;at
Kgg. Hyra Jane A. Valdopeñas, SKF President

HINDI DUMALO: "WALA"

## KAPASIYAHAN BLG. 203 - 2023

**ISANG KAPASIYAHAN NA MAPITAGANANG NAGBIBIGAY KARANGALAN AT PAGKILALA SA IKA-ANIM-NA-PU'T WALONG (68) TAONG PAGKAKATATAG NG PAARALANG ELEMENTARYA NG LUMOT/MAHIPON,ISA SA KAUNA-UNAHANG PAARALAN NA NAITATAG SA MGA BARYO NG BAYAN NG CAVINTI LALAWIGAN NG LAGUNA, AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA SELEBRASYON NG KANILANG IKA-TATLONG *ALUMNI HOMECOMING***

**May Akda: SB ROMEL J. VILLANUEVA**
Tagapangulo, Lupon ng Edukasyon, Batas at Mga Usaping Legal

**SAPAGKAT**, matapos ang digmaang Filipino-Amerikano(1898-1901) at SAPAGKAT, ang taong 1953 na siya ring taong naisabatas ang Batas ng Republika Blg. 896 o kilala sa tawag na "*Elementary Education Act of 1953*" na nagtatag sa kagawaran ng Edukasyon ;

**SAPAGKAT**, ayon din sa nasabing Batas na ang mga magulang na may mga anak na sasapit sa ikapitong edad ay kinakailangang iparehistro o i-enroll upang pag-aralin sa elementarya;

**SAPAGKAT**, iniatas din lagyan ng kurso na mula primera o grade 1-4 at intermedia o grade 5-7 ay kinakailangang papag-aralin ang mga bata sa mga itinatag na mga paaralan sa mga baryo;

**SAPAGKAT**, ang *Lumot Elementary School* ay kinakitaan ng maraming mga mag-aaral na nagbigay karangalan din sa Bayan ng Cavinti;

**SAPAGKAT,** masasabi na rin na ang Mababang Paaralan ng Lumot/Mahipon ang isa sa unang naging pandayan ng mga ninuno ng kasalukuyang henerasyon na nagbigay daan sa tuluyang pag-unlad ng Bayan ng Cavinti;

**ARRANTLEE R. ARROYO**
Municipal Mayor

**MILBERT L. OLIVEROS**
Vice - Mayor

**NITZSHELL TORRES DELA TORRE**
Secretary to the Sangguniang Bayan

5/15/23

**SAPAGKAT**, sa ika-13 ng Mayo taong 2023 ay magdadaos ang selebrasyon ng ika-pitumpung (70) taon ng pagkakatatag ng Paaralang Elementarya Lumot/Mahipon na dadaluhan ng mga naging mag-aaral at guro nito, mainam na pagkakataon upang gunitain ang mga masasayang alaala kung paano nilinang ng mahal na paaralan ang bawat isa;

**DAHIL DITO**, matapos suriin at mapag-aralan ang kabuuan ng usapin, imungkahi ni SB Romel A. Villanueva, na pinangalawahan at sinang-ayunan naman ng lahat na nagkakatipon na

**IPINASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya na MAPITAGANANG NAGBIBIGAY KARANGALAN AT PAGKILALA SA IKA-ANIM-NA-PU'T WALONG (68) TAONG PAGKAKATATAG NG PAARALANG ELEMENTARYA NG LUMOT/MAHIPON, ISA SA KAUNA-UNAHANG PAARALAN NA NAITATAG SA MGA BARYO NG BAYAN NG CAVINTI LALAWIGAN NG LAGUNA, AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA SELEBRASYON NG KANILANG IKA-TATLONG ALUMNI HOMECOMING.**

**IPINASIYA RIN,** na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Pambayang Tagapamasid Pampurok Gng. Soledad S. Villanueva, ang Tanggapan ng Kasalukuyang Punong Guro ng mababang Paaralan Lumot/ Mahipon Gng. Flordeliz D. Blastique , ang Pinuno ng Samahan ng Alumni at mga miyembro;

**IPINASIYA PA RIN,** na mabigyan ng sertipiko ng pagbibigay karangalan sa pamamagitan ng isang kuwadro na may Pangalan at lagda ng Kasalukuyang Punumbayan KGG. ARRANTLEE R. ARROYO at ng May-Akda KGG. ROMEL J. VILLANUEVA at pagbasa na rin ng nilalaman ng Kapasiyahan sa ARAW NG ALUMNI HOME COMING sa ika-13 ng Mayo 2023 ng nasabing Paaralan.

**UTOS**: Sa Kalihim ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, na padalhan ng sipi ng kapasiyahan ito, ang lahat ng Tanggapan at Ahensya na may kinalaman dito para sa kanilang kaalaman at pagpapatupad.

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang nasasaad sa itaas ay halaw sa katitikan ng ika – 38 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan noong ika – 02 ng Mayo 2023.

NITZSHELL TORRES DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

ATTESTED:

**KGG. MILBERT L. OLIVEROS**
Pangalawang Punumbayan/Nangulong Pinuno

APPROVED:

**ARRANTLEE R. ARROYO**
**PUNUMBAYAN**